Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
Rehiyon IX, Tangway Zamboanga
Sangay ng Lungsod Pagadian

RELEASED
Date/Initial: 10/27/22
DepEd, Division of Pagadian City

**Tanggapan ng Tagapamanihalang Pansanagay (TTP)**

**MEMORANDUM PANSANGAY**
Blg. 258, s. 2022

Para sa mga : **Tagamasid purok, Punong-guro ng mga Pampublikong Paaralan, Ulong Guro, at mga Gurong Tagapag-ugnay sa Filipino sa mga Antas Elementarya at Sekundarya.**

Petsa : **Oktubre 26, 2022**

Paksa : **PANSANGAY NA KONSULTATIBO AT PAGPAPLANONG KUMPERENSYA SA FILIPINO**

---

1. Ang Sangay ng Lungsod Pagadian ay patuloy sa paghahangad ng mga pamamaraan upang matulungan ang mga guro na mapa-unlad ang antas ng kanilang pagtuturo sa asignaturang Filipino.

2. Upang maisakatuparan ang hangaring ito, kinakailangan ang masusing pagpaplano sa mga binabalak na gawaing pampagtuturo na nakalatag para sa taong panururan 2022-2023.

3. Dahil dito, isang " **PANSANGAY NA KONSULTATIBO AT PAGPAPLANONG KUMPERENSYA SA FILIPINO** sa pamamagitan ng **online modality** ang gagawin ngayong **ika-28 ng Oktubre 2022 sa may alas otso n.u.**na dadaluhan ng mga **tagapag-ugnay sa Filipino o Filipino Coordinators** sa lahat na paaralang elementarya at sekundarya ng sangay.

4. Nilalayon din ng naturang konsultatibo at pagpaplanong kumperensya ang paglalahad *sa **" Pansangay na Patakarang Panggabay o Policy Directions sa Filipino para sa Taong Panuruan 2022-2023*** at ang pagkakaroon ng ***"Eleksiyon ng mga Opisyal sa Pansangay na Samahan ng mga Guro sa Filipino".***

5. Ang ***link para pagpapatala ng mga kalahok*** ay ibibigay bago ang araw ng konsultatibo at pagpaplanong kumperensya na ilalapag sa Panggrupong Salitaan o Group Chat ng lahat na punong-guro ng sangay samantalang ang ***link naman na gagamitin sa mismong araw ng pagsasagawa*** ay ibibigay isang oras bago ang pagsisimula ng naturang gawain.

6. Inaasahan ang agaran at malawakang pagpapalaganap ng memorandum na ito sa mga kinauukulan.

**MA. LIZA R. TABILON, EdD, CESO V**
Tagapamanihalang Pansangay

***Kalakip :*** Gaya ng nakasaad

***Sanggunian:*** Wala

***Ilagay sa Palagiang Palatuntunan sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:***

- kurikulum
- pagpaplano at kumperensya
- asignaturang Filipino
- iba pang gawaing pampagkatuto

*ddm/eps. cid//007/Oktubre 26, 2022*